# Kung Ano Ang Kailangan Ninyong Malaman Tungkol Sa Inyong Gamot para sa Wala pang Sintomas na Impeksiyon ng Tuberkulosis (Latent Tuberculosis Infection, TB)

## ISONIAZID

Binigyan kayo ng gamot upang gamutin ang inyong wala pang sintomas na impeksiyon ng TB. Wala kayong aktibong sakit na TB at hindi makakahawa ng TB sa ibang tao. Makatutulong ang gamot na ito para **MAPIGILAN** ang pagkakaroon ninyo ng sakit na TB.

### Habang iniinom ang Gamot na ito:

- Sabihin sa inyong doktor o nars kung may mga tanong o inaalala kayo ukol sa gamot.
- Pumunta sa mga planong pagbisita sa klinika.
- Talakayin sa doktor ang anumang pag-inom ng alak. Posibleng magkaroon ng iba pang epekto sa inyo ang pag-inom ng alak.
- Sabihin sa inyong doktor ang tungkol sa iba pang gamot na iniinom ninyo.
- Siguraduhing masasabi ninyo sa iba pa ninyong doktor na ginagamot kayo para sa wala pang sintomas na impeksiyon ng TB.
- Inumin ang lahat ng inyong gamot sa paraang itinuro ng doktor o nars para sa TB.
- Para sa ibang tao, mas kaunti ang masamang epekto sa kanila ng gamot kapag iniinom nang may kasamang pagkain.

### Mga Payo sa Pag-Inom ng Inyong Gamot:

- ✓ Inumin ninyo ang gamot sa parehong oras araw-araw.
- ✓ Gumamit kayo ng alarm para mapaalalahanan kayo ng oras ng pag-inom ng gamot.
- ✓ Hilingin sa kapamilya o kaibigan na paalalahanan kayo.
- ✓ Gumamit ng lalagyang pantabletas.
- ✓ Magdikit ng note sa inyong salamin o refrigerator para mapaalalahanan kayo.
- ✓ Gumamit ng kalendaryo para markahan ang araw ng pag-inom ng inyong gamot.

### Iskedyul ng Pag-inom ng Gamot para sa Walang Sintomas na Impeksiyon ng TB:

(Mga Provider o Tagabigay ng Serbisyo: Isulat ang tamang iskedyul, araw at dami ng tabletas)

| Gamot | Iskedyul | Araw | Bilang ng tabletas kada araw | Tagal ng panahon |
|---|---|---|---|---|
| Isoniazid | ☐ Araw-araw | Bawat araw | | 9 buwan |
| | ☐ Dalawang beses sa isang Linggo* | M T W Th F S Sun | | |

Posibleng painumin kayo ng inyong doktor ng bitaminang B6 kasama ng inyong gamot.

**Tandaan:** Kung iinumin ang isoniazid nang 2 beses sa isang linggo, kailangang ibigay ito sa pamamagitan ng terapiya ng direktang obserbasyon (directly observed therapy, DOT). *

**KAPAG NAKALIMUTAN NINYONG UMINOM NG GAMOT: Kung sa araw ding iyon kayo nakalimot, inumin ang gamot sa sandaling matandaan ninyo ito. Kung sa susunod na araw na ninyo ito matatandaan, palampasin na ang nakalimutang dose at inumin ang nakaiskedyul na dose ng gamot - huwag pagsabayin ang 2 dose ng gamot.**

| TANDAAN: |
|---|
| Pangalan ng aking doktor: |
| Pangalan ng aking klinika: |
| Numero ng telepono ng aking kilinika: |




### Bantayan kung magkakaroon ng mga Posibleng Problemang ito:

**HUMINTO** agad sa pag-inom ng gamot **AT** tawagan ang iyong doktor o nars para sa TB kapag nagkaroon kayo ng alinman sa mga problema na nasa ibaba:

- Nabawasan na ang gana, o walang gana sa pagkain
- Pananakit ng tiyan o problema sa tiyan na nagdudulot ng pagsusuka o pananakit
- Pagduduwal o pagsusuka
- Kulay cola o tsaa ang ihi o kakaunti ang dumi
- May pantal o pangangati
- Paninilaw ng balat o mga mata
- May pakiramdam na nakokoryente o namamanhid ang inyong mga kamay o paa

Terapiya sa pamamagitan ng direktang obserbasyon (directly observed therapy, DOT).
Makikipagkita kayo linggo-linggo sa health care worker o tagapangalaga ng kalusugan para uminom ng gamot. Ang planong ito ay tinatawag na terapiya sa pamamagitan ng direktang obserbasyon (directly observed therapy, DOT).

Makatutulong ang DOT sa inyo sa ilang paraan.

- Tutulungan kayo ng health care worker na matandaan ang pag-inom ng gamot.
- Makukumpleto ninyo ang paggamot sa inyo sa lalong madaling p.anahon.
- Titiyakin ng health care worker na hindi kayo nagkakaproblema sa mga gamot.

Galing ang impormasyon sa Centers for Disease Control and Prevention Division of Tuberculosis Elimination

Pinopondohan ang SNTC ng Centers for Disease Control and Prevention sa pamamagitan ng cooperative agreement #U52PS004089.

Published 2017 – Filipino

Southeastern National Tuberculosis Center

UF UNIVERSITY of FLORIDA

# What You Need to Know About Your Medicine for Latent Tuberculosis (TB) Infection

## ISONIAZID

You have been given medicine to treat your latent TB infection. You do not have TB disease and cannot spread TB to others. This medicine will help you **PREVENT** getting TB disease.

### While on this Medicine:

- Tell your doctor or nurse if you have questions or concerns with the medicine.
- Go to your planned clinic visits.
- Discuss any alcohol use with your doctor. Alcohol use may cause side effects.
- Tell your doctor about all other medicines you are taking.
- Be sure to tell your other doctors that you are being treated for latent TB infection.
- Take all of your medicine as you were told by your TB doctor or nurse.
- Some people find that the medicine affects them less when taken with food.

### Tips to Help You Take Your Medicine:

- ✓ Take your medicine at the same time every day.
- ✓ Set an alarm reminder for the time you should take your medicine.
- ✓ Ask a family member or friend to remind you.
- ✓ Use a pillbox.
- ✓ Put a reminder note on your mirror or refrigerator.
- ✓ Use a calendar to check off the day when you take your medicine.

### Latent TB Infection Medicine Schedule:

(Providers: Indicate the appropriate schedule, days and number of pills)

| Medicine | Schedule | Days | Number of pills per day | Length of time |
|---|---|---|---|---|
| Isoniazid | ☐ Daily | Every day | | 9 months |
| | ☐ Twice Weekly* | M T W Th F S Sun | | |

Your doctor may have you take vitamin B6 with your medicine.

**Note:** When isoniazid is to be taken 2 times a week, it should be given by directly observed therapy (DOT).*

**IF YOU FORGET TO TAKE YOUR MEDICINE: If it is still the same day, take the dose as soon as you remember. If the day has passed, skip the missed dose and take your next scheduled dose — do not take 2 doses at the same time.**

| NOTES |
|---|
| Name of my doctor: |
| Name of my clinic: |
| Telephone number of my clinic: |




### Watch for these Possible Problems:

**STOP** taking your medicine right away **AND** call your TB doctor or nurse if you have any of the problems below:

- Less appetite, or no appetite for food
- An upset stomach or stomach cramps
- Nausea or vomiting
- Cola-colored urine or light stools
- Rash or itching
- Yellowing skin or eyes
- Tingling or numbness in your hands or feet

*Directly Observed Therapy (DOT)

You will meet with a health care worker to take your medicine. This plan is called directly observed therapy.

DOT can help you in several ways.

- The health care worker helps you to remember to take your medicine.
- You will complete your treatment as soon as possible.
- The health care worker will make sure you are not having problems with the medicine.

National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention
Division of Tuberculosis Elimination

CS234967G